



Pangalan: _____
Petsa Nang Nagsimula: _____ Petsa Nang Natapos: _____ Marka: _____

Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto
Wastong Gamit ng Pangngalan at Panghalip

I. **Pantuo:** Tukuyin ang mga pangngalan at panghalip na makikita mo sa teksto. Isulat ang sagot sa talahanayan.

Mabuti Pa Noon

Ako si Evelyn, sampung taong gulang. Mahilig akong makipaglaro sa mga kaibigan ko sa labas ng aming bahay. Tumbang-presong, patintero, piko, taguan, *Chinese garter*, *Pepsi - 7Up*, sipa, luksong-baka, at iba pa ang pinagsasalitan naming laruin. Napakasaya naming magkakaibigan noon. Tuwing hapon pagkatapos naming gumawa ng kani-kaniyang takdang-aralin, naglalaro na kami. Pinapayagan naman kami ng aming mga magulang dahil isa raw itong paraan upang matuto kaming makisalamuha sa aming mga kapuwa bata. Tunay nga, natuto kaming makibagay sa isa't isa.

Nag-iba nga lang ang takbo ng aming buhay nang mabalitaan naming may pandemya. Bigla na lang, hindi na kami pinapayagang lumabas ng bahay para maglaro, umakyat sa mga puno, o maglakad-lakad man lang. Pati ang mga nakatatanda sa amin ay hindi na nakikitang lumabas sa aming mga tahanan. Wala nang nagkukuwentuhan sa dating masayang komunidad ng aming lugar. Ang laki talaga ng pinagbago ng aming buhay.

Ang loob ng bahay namin ay nagbago rin. Kahit palagi kaming kompleto sa pamilya, halos hindi naman kami nagkikita-kita at bihira ding magkausap-usap. Naging abala ako sa pagsagot ng aking mga modyul sa puwesto ko sa dati naming kusina. Sina Ate at Kuya naman ay nasa kani-kanilang maliliit na *cubicle* sa aming kuwarto. Ginawa ni Papa ang mga *cubicle* para sa maayos na pagdalo sa kanilang *online classes* sa kolehiyo. Sina Papa at Mama rin ay nasa kani-kanilang opisina sa dati naming sala.

Ang layo ng sitwasyon ngayon sa dating nakasanayan ko noon. Ito na raw ang new normal. Ngunit mas gusto ko ang dating buhay ko noon, noong malaya akong makalabas, makapaglaro, makipagkuwentuhan, at makipagtawanan sa aking mga kaibigan.

Pangngalan	Panghalip
1.	1.
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.

II. **Pantuo:** Punan ng wastong panghalip ang bawat pangungusap. Isulat ang mga sagot sa patlang.

ito	diyan	iyon	ganoon	heto
-----	-------	------	--------	------

1. Panatilihin nating malinis ang loob ng ating bahay. Paki-iwan na lamang _____ sa labas ang inyong mga panyapak.
2. Marami akong nakahandang proteksiyon sa tuwing lumalabas ng bahay. Nakikita mo ba ang mga _____? Puro alkohol at ekstrang face mask ang laman ng handbag kong ito.
3. Mag-ingat ka sa paglabas-labas mo para hindi ka magkasakit. Kanina napakainit. Ngayon, mukhang _____ na at babagsak na ang ulan. Baka ka sipunin o ubuhin kung ikaw ay mabasa ng ulan.
4. Tingnan mo ang mahabang kuwintas na suot ng *reporter* sa kaniyang dibdib. _____ ang tinatawag na air purifier na madalas gamitin ng mga mangaawit na nagtatanghal o ng mga journalist na madalas na nagsasalita.
5. Malakas ang katawan ng mananayaw na si Gary Valenciano sa kaniyang paghataw sa *online variety show*. _____ din daw kahusay sumayaw ang tatay ko noong kabataan niya.

